

Sistema ng Alokasyon sa Lugar para sa Mga Sekundaryang Paaralan 2019/2021

Mga tala para sa Mga Magulang sa Sentral na Alokasyon

Mga Pag-aayos para sa Sentral na Alokasyon

Kasalukuyang Pag-aayos

1. Ayon sa kasalukuyang pag-aayos, ang Yugto ng Sentral na Alokasyon (CA) ay nahahati sa dalawang bahagi:
 - Bahagi A "Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan": para sa mga magulang na pumili ng maximum ng 3 sekundaryang paaralan mula sa kahit anong school net (kasama ang school net ng mag-aaral).
 - Bahagi B "Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan": para sa mga magulang na pumili ng maximum na 30 sekundaryang paaralan mula sa net ng mag-aaral.

Ipoproseso ng computer ang lahat ng pagpipiliang paaralan ng mag-aaral sa Bahagi A muna. Ang mga pagpipilian ng paaralan sa Bahagi B ay ipoproseso kung ang mga mag-aaral ay hindi inilalaan sa mga lugar ng paaralan sa Bahagi A.

Para sa mga paaralang sekundarya na nakikilahok sa Sistema ng Alokasyon sa Lugar para sa Mga Sekundaryang Paaralan (SSPA), pagkatapos ng pagbabawas ng repeater at mga lugar na kinukusa (DP), ang natitirang lugar ng Sekundarya 1 (S1) ay ginagamit para sa CA. Sa mga lugar ng CA, 10% ang itinalaga para sa paglalaan ng mga walang restriksyon na pagpipilian sa paaralan sa Bahagi A, at ang natitirang 90% ay itinalaga para sa mga may restriksyon na pagpipilian sa paaralan sa Bahagi B¹. Dapat tandaan ng mga magulang na ang bilang ng mga S1 na lugar para sa mga yugto ng DP at CA ng mga indibidwal na paaralan ay tinatayang bilang lamang. Ang pangwakas na bilang ng mga lugar para sa paglalaan ay maaaring napapailalim sa mga pag-aayos.

Prinsipyo ng Alokasyon sa Lugar para sa Mga Paaralan

2. Ang CA ay batay sa band ng alokasyon sa mag-aaral, paaralan na pagpipilian ng magulang at random na numero.

Panloob na Pagtatasa

3. Ang pamantayan ng mga mag-aaral sa Mga resulta sa panloob na pagtatasa (IA) sa paaralan sa pagtatapos ng Primary 5, at kagaya ngsa kalagitnaan ng taon at sa pagtatapos ng Primary 6 ay ang batayan para sa pagtukoy ng kanilang mga band ng alokasyon. Gayunpaman, sa pagtingin sa epekto ng COVID-19 epidemic, nagpasya ang Kagawaran ng Edukasyon (EDB) na pahintulutan ang mga paaralan na, kung kinakailangan, na magsumite ng Primary 5 secondary term at Primary 6 first term na IA na marka o pagkakasunud-sunod ng merito ng kanilang mga mag-aaral sa pinagsamang paraan sa SSPA 2019/2021. Ang mga resulta sa IA ng bawat paaralan ay sasailalim sa pag-scale sa ilalim ng parehong mekanismo.

¹ Ang mga bukas na lugar ng feeder / hinirang na / through-train na mga sekundaryang paaralan sa Bahagi A at B ay kinakalkula pagkatapos ibawas ang mga lugar na nakareserba para sa kanilang naka-link na primaryang paaralan. Para sa mga detalye, mangyaring sumangguni sa talata 17 at 18 ng Note na ito.

Mekanismo sa Pag-scale

4. Dahil ang iba't ibang paaralan ay maaaring may iba't ibang mga curriculum at pamantayan ng pagtatasa na maaaring magkakaiba kabilang sa paaralan, hindi nito nararapat na gamitin ang mga resulta ng IA ng lahat ng mga paaralan nang direkta upang bumuo ng isang order ng merito para sa layunin ng alokasyon. Samakatuwid, ang isang mekanismo ng pag-scale ay ginamit upang sukatin ang mga resulta ng IA ng lahat ng mga kalahok na paaralan upang maihambing ang kanilang mga naka-scale na marka. Para sa CA sa SSPA 2019/2021, ang average ng mga sampol na resulta ng Pre-Secondary One Hong Kong Attainment Test sa 2016 at 2018 ng paaralan ay ginamit bilang tool sa pag-scale.

Mga Band ng Alokasyon

5. Ang mga mag-aaral ay ilalagay sa pagkakasunud-sunod ng merito ayon sa kanilang naka-scale na marka at nahahati sa tatlong banda ng alokasyon. Sa pagproseso ng Mga Walang Restriskyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi A, ang mga marka na naka-scale sa lahat ng mga mag-aaral sa teritoryo ay ilalagay batay sa pagkakasunud-sunod ng merito. Pagkatapos, ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa tatlong Mga Banda ng Teritoryo; ang bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang bilang ng mga kalahok na pangunahing mag-aaral sa teritoryo. Sa pagproseso ng mga Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi B, ang mga naka-scale na marka ng lahat ng mga mag-aaral sa loob ng parehong paaralan ay ilalagay ang net sa pagkakasunud-sunod ng merito. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa tatlong Net na Banda, bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang bilang ng mga kalahok na pangunahing mag-aaral sa net ng paaralan. Ang alokasyon ng banda ng mga indibidwal na mag-aaral ay hindi mananatili pagkatapos makumpleto ang pamamaraan ng alokasyon.

Random na Numero

6. Ang random na numero, na nabuo ng computer dati tumatakbo ang programa ng alokasyon, ginagamit upang matukoy ang pagkakasunud-sunod ng alokasyon ng mga mag-aaral sa loob ng parehong band ng alokasyon. Kung ang pangangailangan para sa mga lugar ng paaralan ng isang tiyak na sekundaryang paaralan ay lumampas sa suplay, angmag-aaral na nagtataglay ng mas maliit na random na numero sa loob ng parehong banda ng alokasyon ay paglalaanan muna ng lugar. Ang random na numero ay walang koneksyon sa Numerong Sanggunian ng Mag-aaral o sa personal na data ng mag-aaral, at hindi mananatili pagkatapos makumpleto ang pamamaraan ng paglalaan.

Pagpili ng Magulang ng Mga Paaralan at Mga Net ng Paaralan

7. Ang mga magulang ay maaaring pumili ng maximum na 3 mga sekundaryang paaralan mula sa anumang net ng paaralan sa Bahagi A "Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan" at maximum na 30 mga sekundaryang paaralan mula sa net kung saan kabilang ang mag-aaral sa Bahagi B " Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan".
8. Alinsunod sa mga hangganan ng pamamahala ng distrito, ang buong teritoryo ay nahahati sa 18 mga net na paaralan. Maliban para sa mga mag-aaral na angaplikasyon para sa mga paglalaan ng cross-net ay naaprubahan, ang net ng paaralan kung saan nabibilang ang isang mag-aaral ay natutukoy ng lokasyon ng primary school ng mag-aaral na naka-enrol dito ngunit hindi ang distrito na tinitirhan ng mag-aaral. Ang bawat net na paaralan ay binubuo ng lahat ng kalahok na primary at secondary school na pisikal na matatagpuan sa distrito at mga sekundaryang paaralan sa iba pang mga distrito na nagbibigay ng mga lugar ng paaralan para sa net. Ang mga sekundaryang paaralan at lugar ng paaralan mula sa iba pang mga distrito ay maaaring mag iba-iba taun-taon.

Proseso ng Alokasyon sa Lugar para sa Mga Paaralan

9. Sa CA, ang Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi A ay ipoproseso muna, na susundan ng mga Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi B.
10. Kapag pinoproseso ang Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi A, ilalaan muna ng computer ang mga lugar ng paaralan sa mga mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1. Ang proseso ng paglalaan ay: ang computer ay una ii-screen ang mga pagpipilian sa unang paaralan sa ilalim ng Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan ginawa ng mga mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1 at maglalaan ng mga mag-aaral upang punan ang mga lugar ng paaralan na nakalaan para sa walang restriksyong alokasyon. Kung ang mga lugar na available sa isang paaralan ay higit sa mga mag-aaral na pumipili ng paaralan, ang lahat ng mag-aaral na pumipili sa paaralang iyon bilang unang pagpipilian ay ilalaan dito. Kung ang bilang ng mga mag-aaral na pumipili ng paaralan bilang kanilang unang pagpipilian ay higit sa mga lugar na available, ang mga mag-aaral na may mas maliit na mga random na numero ay ilalaan upang punan ang mga lugar ng paaralang iyon. Pagkatapos iproseso ang mga unang pagpipilian ng lahat ng mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1, ipapakita ng computer ang mga pangalawang pagpipilian (kung mayroon man) ng mga hindi nakalaan na mag-aaral sa Band na may parehong pamamaraan at, sa huli, ang kanilang pangatlong pagpipilian (kung mayroon man). Kapag ang lahat ng pagpipilian na paaralan ng mga mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1 ay na-screen na, susundin ng computer ang parehong pamamaraan para iproseso ang mga pagpipilian na paaralan ng mga mag-aaral sa Teritoryo ng Band 2 at sa huli ay yayong mga Teritoryo ng Band 3.
11. Ang computer ay magpapatuloy sa pagproseso ng Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi B pagkatapos lamang ng mga pagpiling ginawa ng lahat ng mag-aaral sa Bahagi A ay naproseso na. Ang mag-aaral na nagtagumpay sa pagkuha ng lugar ng paaralan sa Bahagi A ay hindi ilalaan ng isang lugar ng Bahagi B. Kung ang mga mag-aaral ay hindi maaaring paglaanan ng mga lugar sa paaralan matapos ang lahat ng kanilang mga pagpipilian sa paaralan sa Bahagi A ay naubos, ilalaan sila ng mga lugar ng paaralan sa Bahagi B.
12. Ang paglalaan ng mga lugar sa paaralan sa Bahagi B ay ginagawa ng School Net. Kapag pinoproseso ang Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa bahaging ito, gagawin ng computer ang paglalaan muna ng paaralan sa mga lugar sa mga mag-aaral sa Net Band 1. Ang proseso ng paglalaan ay: ii-screen ng computer ang unang mga pagpipilian na paaralan na ginawa ng mga mag-aaral ng Net Band 1. Kung ang mga lugar na itatabi para sa may restriksyong alokasyon sa paaralan ay higit sa mga mag-aaral na pumipili ng paaralan, ang lahat ng mga mag-aaral na pumipili ng paaralang iyon bilang unang pagpipilian ay ilalaan doon. Kung ang bilang ng mga mag-aaral na pumipili ng paaralan bilang kanilang unang pagpipilian ay higit sa mga lugar na available, ang mga mag-aaral na may mas maliit na mga random na numero ay ilalaan upang punan ang mga lugar ng paaralang iyon. Kapag ang mga unang pagpipilian ng lahat ng mga mag-aaral sa Net Band 1 ay naiproseso na, ii-screen ng computer ang pangalawang pagpipilian ng mga mag-aaral na hindi nailaan sa Band na may parehong pamamaraan. Ang proseso ay paulit-ulit hanggang sa bawat isa sa mga pagpipiliang paaralan ng mga mag-aaral ng Net Band 1 ay na-screen na. Para sa mag-aaral na hindi pinaglaanan ng lugar pagkatapos magamit ang lahat ng kanilang pagpipilian ang computer, ay maglalaan ng lugar sa mga ito mula sa mga natitirang lugar ng sekundaryang² paaralan sa school net Kapag ang

² Hindi kasama ang mga paaralan ng Direct Subsidy Scheme at mga paaralang may pangungusap na "Ang mga mag-aaral ay hindi ilalaan sa paaralang ito maliban kung isinama nila ito sa kanilang mga pagpipilian".

lahat ng mga mag-aaral sa Net Band 1 ay inilalaan sa mga lugar ng paaralan, susundin ng computer ang parehong pamamaraan na iproseso ang mga pagpipilian ng paaralan ng mga mag-aaral sa Net Band 2 at sa huli ay yaong mga nasa Net Band 3.

Paglalarawan ng Pamamaraan ng Alokasyon

13. Nasa ibaba ang pinasimpleng paglalarawan ng pamamaraan ng alokasyon:

Mag-aaral

• Pangalan:	CHAN Si Ming	
• Teritoryo ng Band:	Band 1	
• School Net:	HK3	
• Net Band:	Band 1	
• Mga Pagpipilian na Paaralan:		
Bahagi A (maximum: 3 paaralan)	Unang	Paaralan A
	Pagpipilian:	
	Pangalawang	Paaralan B
	Pagpipilian:	
	Pangatlong	Paaralan C
	Pagpipilian:	
Bahagi B (maximum: 30 paaralan)	Unang	Paaralan B
	Pagpipilian:	
	Pangalawang	Paaralan D
	Pagpipilian:	
	Pangatlong	Paaralan E
	Pagpipilian:	
	⋮	⋮

Bahagi A: Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan

- Bilang ng mga mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1: 25 000
- Bilang ng mga mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1 na pinipili ang Paaralan A bilang unang pagpipilian: 350
- Bilang ng mga lugar ng paaralan sa Paaralan A para sa mga walang 15 restriksyon na pagpipilian sa paaralan:

Ipagpalagay na may 350 mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1 na pinipili ang Paaralan A bilang kanilang unang pagpipilian sa Bahagi A sa yugto ng CA. Dahil ang Paaralan A ay kaya lamang mag-alok ng 15 mga lugar ng paaralan para sa walang restriksyon na alokasyon, ilalaan ng computer ang una 15 mag-aaral upang punan ang mga lugar sa Paaralan A ayon sa pagkakasunud-sunod ng kanilang mga random na numero. Kung ang random na numero ni CHAN Si Ming ay kabilang sa unang 15 mag-aaral, siya ay ilalaan sa Paaralan A. Kung hindi man, siya ay hindi magiging matagumpay sa pagkuha ng isang lugar sa paaralan na kanyang unang pinili. Iproseso ng computer ang mga unang pagpipilian ng lahat ng mag-aaral sa Teritoryo ng Band 1 bago ang pangalawang pagpipilian ni CHAN Si Ming at ang iba pang mga mag-aaral na hindi nailaan sa Teritoryo ng Band 1 ay iproseso.

14. Halimbawang 15 000 Teritoryo ng Band 1 na mag-aaral ang hindi inilaan sa lugar ng paaralan ng unang pagpipilian. Sa mga ito, 300 (kasama si CHAN Si Ming) piliin ang Paaralan B bilang kanilang pangalawang pagpipilian. Kung ang Paaralan B ay may dalawang lugar lang na hindi napunan pagkatapos ng unang round ng alokasyon, ilalaan ng computer ang mga lugar na ito sa dalawang mag-aaral na nagtataglay ng pinakamaliit na random na numero. Kung ang random na numero ni CHAN Si Ming ay hindi kabilang sa dalawang mag-aaral na ito, siya ay hindi ilalaan sa Paaralan B. Magpapatuloy ang computer na sundin ang pamamaraang nabanggit sa itaas upang iproseso ang pangatlong pagpipilian ng mga hindi nailaang mag-aaral pagkatapos ang lahat ng pangalawang pagpipilian ng mga mag-aaral ng Teritoryo ng Band 1 ay naproseso. Kung ang lahat ng mga lugar ng paaralan ng pangatlong pagpipilian ni CHAN Si Ming ay napunan na bago isinagawa ang ikatlong round ng alokasyon, si CHAN Si Ming ay hindi paglalaanan ng lugar sa ilalim ng Bahagi A at siya ay ay paglalaanan ng isang lugar ng paaralan sa Bahagi B kung saan ipoproseso ang kanyang Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan.

15. Bahagi B: Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan

- School Net ng Mag-aaral: HK3
- Bilang ng mga mag-aaral ng Net Band 1 sa HK3: 1000
- Bilang ng mga mag-aaral ng Net Band 1 sa HK3 pagpili ng Paaralan B bilang unang pagpipilian: 150
- Bilang ng mga lugar na available sa Paaralan B para sa HK3: 100

Matapos i-screen ang Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan ng lahat ng mga mag-aaral sa Bahagi A, ang computer ay magsisimulang iproseso ang Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi B. Ipagpalagay na ilan sa mga mag-aaral na hindi pa nailaan sa mga lugar sa Bahagi A, may 150 mga mag-aaral ng Net Band 1 (kasama si CHAN Si Ming) sa School Net HK3 ang pumipili sa Paaralan B bilang kanilang unang pagpipilian. Kung ang Paaralan B ay kaya lang mag-alok ng 100 mga lugar ng paaralan para sa mga mag-aaral sa school net, maglalaan ang computer ng 100 mag-aaral sa Paaralan B sa pagkakasunud-sunod ng mga random na numero ng mag-aaral. Kung ang random na numero ni CHAN Si Ming ay kabilang sa unang 100 mag-aaral, siya ay ilalaan sa Paaralan B. Kung hindi man, siya ay hindi magiging matagumpay sa pagkuha ng isang lugar sa paaralan na kanyang unang pinili. Kung si CHAN Si Ming ay hindi inilaan sa kanyang unang pinili, ang kanyang pangalawang pagpipilian, kasama ang mga ng hindi inilaan na mga mag-aaral, ay ipoproseso pagkatapos ma-screen ang mga unang pagpipilian ng lahat ng Net Band 1 na mag-aaral . Ipagpalagay na 400 Net Band 1 na mga mag-aaral ang hindi pinaglaanan ng lugar ng unang pagpipilian at 30 sa mga ito (kasama si CHAN Si Ming) ang pinili ang Paaralan D bilang kanilang pangalawang pagpipilian. Ipagpalagay na ang Paaralan D ay mayroon lamang 10 mga lugar na natitira pagkatapos ng una round ng paglalaan, ilalaan ng computer ang mga lugar sa mga mag-aaral batay sa kanilang mga random na numero. Kung si CHAN Si Ming ay hindi matagumpay sa pagkuha ng lugar sa Paaralan D dahil hindi siya nakasali sa 10 mag-aaral na may pinakamaliit na mga random na numero, susundan ng computer ang pamamaraang nabanggit sa itaas hanggang samaproseso ang pangatlong pagpipilian ni CHAN Si Ming at iba pang hindi nailaang mag-aaral sa Net Band 1, at iba pa hanggang sa mailaan sila sa mga lugar ng paaralan.

16. Ipagpalagay na ang schoolmate ni CHAN Si Ming na si LEE Siu Man ay nasa Teritoryo din ng Band 1 at Net Band 1 at siya ay gumawa ng magkaparehong mga pagpipilian na paaralan gaya ng ginawa ni CHAN Si Ming. Dahil ang pagkakasunud-sunod ng alokasyon sa loob ng parehong Teritoryo o Net Band ay natutukoy ng mga random na numero ng mag-aaral, maaaring ilaan si CHAN Si Ming sa isang paaralan ng mas mababang kagustuhan kaysa kay LEE Siu Man kahit na si CHAN ay may mas mataas na mga resulta sa IA kaysa kay LEE. Naaayon ito sa diwa ng magkakahalang kakayahan ng pagtuturo sa mga sekundaryang paaralan.

Mga Feeder at Hinirang na Paaralan

17. Ang feeder ng sekundaryang paaralan ay kailangang magpareserba, pagkatapos ng pagbabawas ng repeater at DP, 85% ng mga natitirang lugar para sa (mga) feeder na (mga) primary school. Ang isang hinirang na sekundaryang paaralan ay kailangang magpareserba, pagkatapos ng pagbabawas ng repeater at DP, 25% ng mga natitirang lugar para sa mga hinirang na (mga) primary school. Ang isang mag-aaral na nag-aaral sa isang feeder/hinirang na primary school ay karapat-dapat para sa isang nakareserbang lugar kung siya ay nasa Net Band 1 o 2 at pinili ang feeder/hinirang na sekundaryang paaralan bilang kanyang unang pagpipilian sa Bahagi B na Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan. Kung ang bilang ng mga karapat-dapat na mag-aaral ay lumampas sa bilang ng feeder/hinirang na mga lugar na available, ang paglalaan ng mga lugar ng paaralan ay mababatay sa Net Band ng mga mag-aaral at sa kanilang mga random na numero. Kung ang isang mag-aaral na nag-aaral sa isang feeder/hinirang na primary school ay naaprubahan para sa cross-net na alokasyon, hindi siya magiging karapat-dapat para sa isang nakareserbang lugar ng (mga) feeder/hinirang na sekundaryang paaralan.

Mga Paaraang "Through-train"

18. Ang mga mag-aaral ng Primary 6 na nag-aaral sa mga "through-train" na paaralan ay maaaring piliing magpatuloy sakanialng naka-link sekundaryang paaralan nang direkta. Kung ang mga mag-aaral ay nag-apply para sa S1 na mga lugar ng Direct Subsidy Scheme ng mgasekundaryang paaralan na hindi nakikilahok sa SSPA System (NDSS ng Sekundaryang Paaralan) o DP ng nakikilahok na mga paaralan, o lumahok sa CA, hindi sila pahihintulutang mapanatili ang karapatang magpatuloy nang direkta sa kanilang mga naka-link na sekundaryang paaralan. "Ang mga Through-train" na sekundaryang paaralan, sa prinsipyo, ay kinakailangang magreserba nang hindi kukulangin sa 15% ng kanilang kabuuang bilang ng mga lugar sa S1 para sa pagpasok sa mga mag-aaral ng iba pang mga pangunahing paaralan sa pamamagitan ng DP o CA.

Mga Tala para sa Pagkumpleto ng Pagpipilian ng Form ng Mga Paaralan

19. Ang mga magulang ng mga mag-aaral ng Primary 6 na nakikilahok sa SSPA System ay babahaginan ng kopya bawat isa sa mga sumusunod na dokumento:
 - Form ng Isang Pagpipilian sa Sekundaryang Paaralan (Form ng Pagpili) para sa pagpapahiwatig ng pagkakasunud-sunod ng kagustuhan ng mga paaralan
 - Listahan ng Sekundaryang Paaralan (Listahan ng Paaralan) ng net ng mag-aaral bilang sanggunian kapag pinupunan ang Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi B ng Form ng Pagpili

20. Ang bawat primary school na nakikilahok sa SSPA System ay tatanggap ng maraming kopya ng Handbook para sa Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan (Handbook). Dapat sumangguni ang mga magulang sa Handbook kapag pinupunan Mga Walang Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan sa Bahagi A ng Form ng Pagpili. Ang Handbook ia-upload din sa EDB homepage (mangyaring sumangguni sa landas tulad ng ipinakita sa talata 32 sa ibaba para sa lokasyon ng Handbook).
21. Ang Form ng Pagpili ay may 3 kopya, ang kopya ng EDB, kopya ng paaralan at kopya ng magulang. Dapat kumpletuhin ng mga magulang ang form gamit ang itim na ball pen.
22. Bago punan ang Form ng Pagpili, dapat suriin ng mga magulang na ang sumusunod na impormasyon na paunang na-print ng computer sa form ay pareho sa kanilang anak:
 Numero ng Sanggunian ng Dapat ay kapareho ng Numero ng Sanggunian ng Mag-aaral: Mag-aaral na nakalimbag sa Form ng Primary 6 na Rekord ng Mag-aaral na inisyu nang maaga.
 Pangalan ng Mag-aaral: Kung tama, pakisulat ang pangalang Tsino ng mag-aaral (kung mayroon man) sa itaas ng paunang naka-print na pangalang Ingles.
 Kasarian: Ang "M" ay nangangahulugang lalaki, ang "F" ay nangangahulugang babae.
 Net ng Paaralan ng Dapat ay kapareho ng code na naka-print sa kaliwang Mag-aaral: sulok sa itaas ng Listahan ng Paaralan; hal. para sa isang mag-aaral na nag-aaral sa primaryang paaralan sa Central & Western District (hal. school net HK1), ang Listahan ng Paaralan ay dapat para sa HK1.
 Kung may pagkakaiba sa impormasyon sa itaas, dapat makipag-ugnayan agad ang mga magulang sa paaralan ng kanilang anak.
23. Sa oras na makumpleto ang alokasyon, hindi na magkakaroon pa ngmuling alokasyon. Samakatuwid dapat na isaalang-alang nang mabuti ng mga magulang dati pa ang pagpili sa paaralan. Ang payo mula sa paaralan ng kanilang anak ay dapat ding hanapin.
24. Kapag pinupunan ang **Bahagi A**, maaaring pumili ang mga magulang ng isa hanggang tatlong sekundaryang paaralan mula sa anumang school net (kabilang ang school net ng mag-aaral). Dapat sumangguni ang mga magulang sa **Handbook** at ilagay sa mga kahon sa Form ng Pagpili kasama ang 3-digit na School Code sa Handbook ayon sa kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan. Unang ipoproseso ng computer ang mga pagpipiliang paaralan ng lahat ng mag-aaral sa Bahagi A bagoiproseso ang mga pagpipiliang paaralan sa Bahagi B. Kung ang isang mag-aaral ay naging matagumpay sa paglalaan sa lugar ng sekundaryang paaralan sa Bahagi A, hindi na ipoproseso ng computer ang kanyang mga pagpipilian sa paaralan sa Bahagi B.
25. Kapag pinupunan ang **Bahagi B** kung saan ginagawa ang Mga May Restriksyon na Pagpipilian sa Paaralan dapat sumangguni, ang mga magulang sa 3-digit ng School Code sa **Listahan ng Paaralan** at pumasok sa mga pagpipiliang paaralan sa mga kahon sa Form ng Pagpili alinsunod sa kanilang pagkakasunud-sunod ng kagustuhan. Maaaring pumili ang mga magulang ng maximum na 30 mga paaralan at dapat nilang punan ang maraming mga paaralan sa net ng paaralan hangga't maaari sa Bahagi B. Kung ang computer ay hindi kayang maglaan ng isang lugar sa isang mag-aaral pagkatapos i-screen ang lahat ng kanyang mga pagpipilian, siya ay ilalaan sa isang sekundaryang paaralan³ sa labas ng kanyang mga pagpipilian.

³ Hindi kasama ang mga paaralan ng Direct Subsidy Scheme na may pangungusap na "Ang mga mag-aaral ay hindi ilalaan sa paaralang ito maliban kung isinama nila ito sa kanilang mga pagpipilian".

26. Ang mga magulang ay maaaring pumili ng mga paaralan mula sa anumang net ng paaralan sa Bahagi A. Maaari din nilang piliin ang parehong paaralan sa parehong Bahagi A at B kung ang paaralan ay nasa school net ng mag-aaral. Gayunpaman, ang mga magulang ay hindi dapat gumawa ng paulit-ulit na pagpipilian ng parehong paaralan sa parehong bahagi. Ang mga pagpipilian ng parehong School Code sa loob ng parehong bahagi ay ipoproseso ng computer nang minsan lang.
27. Dapat suriin nang mabuti ng mga magulang na ang mga inilagay School Code sa Form ng Pagpili ay yaong mga kasama sa Handbook at sa Listahan ng Paaralan. Ang hindi wasto o hindi tamang mga code ng paaralan ay hindi mapoproseso. Bukod dito, kung pinili ng mga magulang ang sekundaryang paaralan na hindi mag-aalok ng mga lugar ng S1 sa ilalim ng SSPA System sa siklo ng alokasyong ito, ang pagpipiliang paaralan na iyon ay hindi ipoproseso.
28. Kung ang mga magulang ay naabisuhan ng mga sekundaryang paaralan na lumahok sa SSPA System ng inklusyon ng kanilang mga anak sa Matagumpay na Mga Listahan para sa Mga Diskresyunaryong Lugar o ang kanilang mga anak ay tinanggap ng Jockey Club Ti-I College, kailangan lang nilang lagdaan ang Form ng Pagpili pagkatapos ng pagpunan sa impormasyon ng pakikipag-ugnayan at i-cross out ang mga bahagi sa mga pagpipilian ng paaralan upang ipahiwatig na hindi nila kailangang gumawa ng mga pagpipiliang paaralan (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba). Sa kabilang banda, kung ang isang mag-aaral ay tinanggap ng sekundaryang paaralang NDSS at angkanyang magulang ay nilagdaan ang isang kasunduan sa at ibinigayang kanyang Primary 6 Form na Rekord bilang Mag-aaral sa paaralan, o tinanggap ng ibang mga paaralan (hal. mga paaralang pang-internasyonal o pribadong paaralan) at nagpasyang huwag lumahok sa CA, ang kanyang mga magulang ay dapat lumagda sa Form ng Pagpili pagkatapos punan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan at i-cross out ang mga bahagi sa mga pagpipilian ng paaralan upang ipahiwatig ang hangarin ng hindi paglahok sa CA (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba).

甲部 不受學校限制的学校選擇
Part A Unrestricted School Choices

這部分可選擇任何學校網的学校，包括學生所屬學校網。請參閱《不受學校限制學校手冊》，並依選擇的優先次序填上學校編號。電腦會先處理甲部的學校選擇。
You may select schools from ANY school nets, including the student's school net. Please refer to the "Handbook for Unrestricted School Choices" and enter the School Codes in order of preference. The school choices in Part A will be processed first.

第一選擇 First Choice 第二選擇 Second Choice 第三選擇 Third Choice

學校編號 School Code

乙部 按學校網的学校選擇
Part B Restricted School Choices

請參閱學生所屬學校網的《中學一覽表》，並依選擇的優先次序填上學校編號。學生如未獲分配甲部選擇的学校，電腦將會處理乙部的學校選擇。
Please refer to the "Secondary School List" and enter the School Codes within student's school net in order of preference. The school choices in Part B will be processed if students are not allocated school places in Part A.

選擇次序 Order of Preference 學校編號 School Code

選擇次序 Order of Preference 學校編號 School Code

選擇次序 Order of Preference 學校編號 School Code

本人聲明：表內所填項的学校為本人閱讀《統一派位家長須知》後自願填寫的。
I certify that I have read the "Notes for Parents on Central Allocation" and I have made the above choices at my own will.
本人同意將可接收短訊(SMS)號碼填於表格內。本人可接收 SMS 的手機電話號碼填在右邊的方格內(如不願接收 SMS 請留空此方格)。
Consent is given for the Education Bureau to inform me of the allocation results of the student via SMS message. My mobile phone number which can receive SMS is provided in the box on the right (please leave the box blank if you do not wish to receive SMS).

9876 XXXX

家長/監護人簽署 Signature of Parent/Guardian Chan T M 日期 Date XX/XX/2021
家長/監護人姓名(請用正楷填寫) Name of Parent/Guardian (in BLOCK Letters) Chan Tai Man
住址 Home Address Flat XX, XX Floor, XX Building, XX Road, HK
聯絡電話 Contact Tel. No. XXXX XXXX

Kung ang mga magulang ay hindi gumawa ng anumang pagpili sa paaralan at hindi ipinahiwatig ang kanilang hangarin na hindi makilahok sa CA sa Form ng Pagpili, at ang mga mag-aaral ay hindi pinaglaanan ng lugar ng paaralan sa yugto ng DP, at hindi rin tinanggap ng Jockey Club Ti-I College/ NDSS na mga sekundaryang paaralan, paglalaanan ang mga mag-aaralng lugar sa paaralan alinsunod sa itinalagang alokasyon ng mekanismo

29. Pagkatapos ilagay ang Mga School Code, dapat punan ng mga magulang ang pangalan ng magulang/tagapag-alaga nang naka-print na letra, ang address ng bahay (kung naaprubahan ang cross-net na alokasyon, dapat ibigay ang bagong address ng bahay) at makipag-ugnayan sa numero ng telepono, at pagkatapos ay lagdaan ang Form ng Pagpili. Pakitandaan na ang Form ng Pagpili ay may bisa lamang kapag may lagda ito ng magulang/tagapag-alaga.
30. Pakitandaan na sa umaga ng araw para sa anunsyo ng mga resulta ng alokasyon sa siklong ito, ipagbibigay-alam din ng EDB sa mga magulang ang mga resulta ng paglalaan ng kanilang anak sa pamamagitan ng mga mensahe sa SMS. Ang mga magulang na nagnanais makatanggap ng nauugnay na mensahe sa SMS ay maaaring magbigay ng numero ng mobile phone na maaaring makatanggap ng mga mensahe sa SMS sa tinukoy nakahon (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba) sa Form ng Pagpili. Ang mga pag-aayos para sa mga Primary 6 na mag-aaral upang kolektahin ang kanilang mga resulta sa alokasyon mula sa kanilang pagpasok sa mga primaryang paaralan, pati na rin ang iba pang mga kaayusan sa pangangasiwa na nauugnay sa anunsyo ng mga resulta ng paglalaan, ay mananatiling walang pagbabago.

CENTRAL CODE	
<p>本人聲明，我已閱讀過學校為本人編讀《統一派位家長須知》後自願填妥的。 I certify that I have read the "Notes for Parents on Central Allocation" and I have made the above choices at my own will. 本人同意教育局透過電話短訊形式(SMS)通知學生的派位結果予本人。本人可接收 SMS 的手提電話號碼已填寫在右邊的方格內 (如不同意接收 SMS 請留空此方格)。 Consent is given for the Education Bureau to inform me of the allocation results of the student via SMS message. My mobile phone number which can receive SMS is provided in the box on the right (please leave the box blank if you do not wish to receive SMS)</p>	
	9876 XXXX
家長/監護人簽署 Signature of Parent/Guardian	<u>Chan T M</u> 日期 Date <u>XX/XX/2021</u>
家長/監護人姓名 (請用正楷填寫) Name of Parent/Guardian (In BLOCK Letters)	<u>Chan Tai Man</u>
住址 Home Address	<u>Flat XX, XX Floor, XX Building, XX Road, HK</u>
聯絡電話 Contact Tel. No.	<u>XXXX XXXX</u>

31. Ang personal na data na ibinigay ng mga magulang sa Form ng Pagpili ay magagamit para sa paglalaan ng mga lugar ng paaralan at iba pang edukasyong-nauugnay sa hangarin. Ang Data na kinolekta ay maaari ring isiwalat sa ibang mga kagawaran ng pamahalaan o ang paaralan kung saan ang mag-aaral ay inilaan/inilipat para sa pag-verify ng impormasyon at iba pang edukasyong-nauugnay sa hangarin. Ang mga magulang ay dapat ibigay ang personal na data tulad ng kinakailangan sa Form ng Pagpili Kung ang impormasyong ibinigay ay hindi kumpleto, hindi mapoproseso ng EDB ang aplikasyon para sa alokasyon ng mga lugar sa paaralan.

Iba Pang May-katuturang Impormasyon

32. Bago pumili ng mga pagpipilian sa paaralan, dapat na panoorin ng mga magulang ang DVD sa SSPA System 2019/2021 na inisyu noong October 2020. Maaari ring bisitahin ng mga magulang ang EDB homepage (<https://www.edb.gov.hk>) at sundin ang landas sa ibaba para sa mga detalye ng SSPA System, ang Handbook at ang Mga Listahan ng Paaralan:

Education System and Policy > Primary and Secondary School Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System

33. Ang mga magulang ay maaari ring sumangguni sa Mga Profile sa Sekundaryang Paaralan 2020/2021 para sa impormasyon sa mga paaralan. Dahil ang naka-print na bersyon ng Mga Profile sa Sekundaryang Paaralan 2020/2021 ay ipinamahagi noong Disyembre 2020 ay hindi maaaring magsama ng mga bagong idinagdag na paaralan o ang pinakabagong impormasyon sa paaralan, ang mga magulang ay dapat sumangguni sa web na bersyon ng Mga Profile sa Sekundaryang Paaralan 2020/2021 (<https://www.chsc.hk/secondary/en>) para sa na-update na impormasyon at kamakailan na pagpapaunlad ng mga kaugnay na paaralan, kasama ang istraktura ng klase at mga subject na inaalok. Ang bilang ng mga S1 na klase na patatakbuhan ng mga indibidwal na paaralan sa 2021/22 school year ay maaaring naiiba mula sa kasalukuyang school year.

Mga Mahahalagang Petsa

34. Ang mga petsa para sa pag-anunsyo ng mga resulta ng paglalaan at pagpaparehistro ng mga mag-aaral sa inilalaan na mga sekundaryang paaralan para sa SSPA 2019/2021 ay ang mga sumusunod:

Pag-anunsyo ng mga resulta ng paglalaan: 6 Hulyo 2021

Rpagpaparehistro ng mga mag-aaral: 8 & 9 Hulyo 2021

Mga Katanungan

35. Kung ang mga magulang ay may mga katanungan tungkol sa pagkumpleto ng Form ng Pagpili, dapat silang lumapit sa paaralan ng bata. Maaari ring tawagan ng mga magulang ang awtomatikong serbisyong pagtatanong sa telepono ng EDB sa 2891 0088 para sa impormasyon sa SSPA System. Sa kaso ng mga karagdagang tanong, ang mga magulang ay maaaring makipag-ugnayan sa Seksyon ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Paaralan (Alokasyon ng Mga Lugar sa Sekundaryang Paaralan) ng EDB sa 2832 7740 o 2832 7700.

Ginawa ng Seksyon ng Alokasyon ng Mga Lugar sa Paaralan

Kagawaran ng Edukasyon

(Nai-print noong Marso 2021)